

United Church of Church in the Philippines
SOUTH LUZON JURISDICTIONAL AREA

Quadrennial Theme:
Spirituality for these Critical Times

Ikaapat na Linggo ng Pamamayani ng Diyos (4th Sunday in Kingdomtide)
Ika- 17 ng Setyembre 2017
(Aralin para sa Middle & Older Elementary)

“Ang Pagtitiyaga Bilang Katangian ng Pamamayani ng Diyos”
(Patience as a Kingdom Value)

Araling mga Talata sa Biblia

Lumang Tipan: *Isaiah 40:28-31* (Magandang Balita Biblia)

Di ba ninyo alam, di ba ninyo talos, Na itong si Yahweh ang walang hanggang Diyos? Siya ang lumikha ng buong daigdig, Hindi siya napapagod; Sa isipan niya’y walang makatatarok. Ang mga mahiha’t napapagal ay pinalalakas. Kahit ang kabataan ay napapagod at nanlulupaypay. Ngunit ang nagtitiwala kay Yahweh ay magpapanibagong sigla. Ang lakas nila’y matutulad sa walang pagod na pakpak ng agila. Sila’y tatakbo nang tatakbo ngunit di manghihina, lalakad ng lalakad ngunit di mapapagod.

Panaghoy 3:26

Pinakamabuting magagawa ng tao ay maghintay sa pagliligtas na gagawin ng Panginoon.

Bagong Tipan: *Lucas 8:15*

Ang nahasik naman sa matatabang lupa’y ang mga nakinig ng salita. Iniingatan nila ito sa kanilang pusong tapat at malinis at sila’y nagtitiyaga hanggang sa mamunga.

Pangkalahatang Kaisipan: Ang pagtitiyaga ay nangangahulugan ng hindi pagpapatalo sa anumang kabiguan o sa kawalang pag-asa sa pagdating ng pagliligtas.

Susing kaisipan:

Ang Iglesya ay matiyagang naghihintay sa pagdating ng Panginoong Jesus.

Paliwanag Ukol sa Teksto

Ipinapakita ng Isaias 40:28-31 ang kapangyarihan at malasakit ng Diyos sa kanyang bayan, ang Israel. Ngunit hindi nila kinilala at pinanghawakan ang kapangyarihan ito ng Diyos at ang kanyang tulong lalong lalo na nang silay mabihag at mapatapon sa Babilonia. Sa kalagayang sitwasyong inialis sila sa kanilang bayang sinilangan, nagsimula silang mabuhay sa pagkalito, kaguluhan, kawalang pag-asa at kawalang pananampalataya kay Yahweh. Nagsimula rin silang matuksong isiping mas makapangyarihan ang diyos na si Marduk ng mga taga Babilonia kaysa sa kanilang Panginoon. Dumaan sa krisis ang mga Israelita kung mananatili ba sila sa pananampalataya o tuluyang iiwan ang kanilang pananampalataya at pagkakakilanlan bilang bayan habang sila ay namumuhay sa isang lupaing banyaga.

Madaling maunawaan kung bakit nanghihina ang kanilang pananampalataya sa ganitong magulong sitwasyon. At tila nalilimutan na rin nila ang mapangligtas na biyaya ng Diyos nang sila ay hanguin at palayain mula sa pagkaalipin sa Egipto at nang sila’y sagipin at iligtas mula sa pang-aapi at pang-aalipin ni Haring Paraon. Sa kabila ng lahat, binibigyan diin sa mga tekstong ito ang di kumukupas na kapangyarihan at pag-ibig ng Diyos sa kanyang bayan sa kabila ng malaking krisis na kanilang kinakaharap. Nagbigay katiyakan ang mga propeta sa nagpapatuloy na kahabagan at pag-ibig ng Diyos at kailanman ay hindi pababayaan ng Diyos ang Israel, ang bayang kanyang pinili. Ang pag-ibig at mapagbiyayang kapangyarihang ito ng Diyos ang nagpatatag doon sa mga patuloy na naghihintay sa Diyos at may matiyagang pananampalatayang hindi sumusuko, at lumalakad ayon sa kalooban ng Diyos. Nangako ang

Diyos na kailanman ay hindi nya bibiguin ang sinumang nagtitiwala sa Kanya, bibigyan niya ng kalakasan ang mga matiyagang naghihintay sa kanyang pagliligtas.

Sa Lukas 8:15 , na bahagi ng talinghaga ng manghahasik, ay binanggit ang tungkol sa binhing nahulog sa mabuting lupa. Ang mabuting lupa ay maaring kumakatawan sa mabuting puso na buong tiwala at matiyagang naghihintay sa Panginoon. Ang pusong naghihintay ng may katiyagaan sa paglilitas ng Panginoon ay tatanggap ng katuparan ng pangako ng Diyos sa ayon sa kapanahunan. Lahat ng gagawin natin ay hindi mawawalang kabuluhan, kung ginagawa natin ang ministryo ng Diyos at paglilingkod sa kapwa ng may kagalakan. Kung hindi tayo sumusuko sa anumang sitwasyon at kahirapan sa halip ay nagtitiwala sa kapangyarihan at pagliligtas ng Panginoon, hindi niya tayo iiwan ni pababayaan man. Tulad ng mabuting lupa, lahat ng binhing natanim sa ating puso ay magbubunga at hindi tayo manghihina sa panahon ng kaguluhan dahil alam natin na ang Diyos ng katarungan at kapayaaan ay hindi lumilimot sa kanyang pangako.

Gabay sa mga Guro

Ang paghihintay sa pagliligtas na gagawin ng Diyos ang s'yang pinakabuod ng ating pananampalataya. Sa pag-asam sa pagbabalik ng Panginoon, na kung saan magiging ganap ang kanyang pamamayani, nananatili ang iglesya “pansamantala”, sa panahon ng paghihintay. Kaugnay nito, ang pinakamahalagang katangian ng pamamayani ng Diyos ay ang pagtitiyaga. Ngunit ano nga ba ang kahulugan ng pagtitiyaga sa paghihintay sa katuparan ng pamamayani ng Diyos?

Una, ang pagtitiyaga na nakabatay sa pananampalataya ay lumilitaw sa panahong nagtatalo (o may bangga) ang pag-aalinlangan at katiyakan. Palaging may sangkap ng pag-aalinlangan ang pananampalataya. Ang pag-aalinlangan ay nagpapakita ng pangangailangan na patuloy na manatili sa pananampalataya sa panahon ng kawalang katiyakan. Sa ibang salita, ang pag-aalinlangan ay pumipigil upang ang paghihintay ay hindi matalo ng kawalang interes at pakutyang isipan. Si Propeta Jeremias man ay palagi ring dinaratnan ng pag-aalinlangan na sa ilang pagkakataon ay nagtatanong sa pagiging makatarungan ng Diyos.

Pangalawa, Ang pagtitiyaga ay ginagatungan ng pananabik upang magawang magpatuloy. Sa kinalaunan, ang pagtitiyaga ay nauubos kapag ang pananabik ay nawala. Ang paghihintay ng may pananampalataya ay hindi kawalan ng paggawa o pagkilos kundi ito'y aktibong paggawa at pagkilos ng may pananabik, may paninindigan sa pagdating ng pamamayani ng Diyos, at pagiging handa dito. Ipinakita ng mga unang Kristyano ang aktibong paghihintay nang sila ay humayo at sa kanilang paghayo ay patuloy silang dumarami habang naghihintay ng pagbabalik ng Panginoon. Pinatunayan din ito ng mga namulat sa pananampalatayang Protestante, nakapagtayo sila ng marami pang mga iglesya dahil sa pagpapahayag ng Mabuting Balita ng pagsapit ng pamamayani ng Diyos.

At pangatlo, ang matiyagang paghihintay sa pagdating ng pamamamayani ng Diyos ay pinupunuan ng pag-asa. Ang matiyagang paghihintay ng may pananampalataya ay hindi lamang nakabatay sa mga bagay na hindi nakikita kundi sa mga bagay na may basehan o batayan- sa karanasang nangyayari sa buhay at sa kasaysayan. Patuloy na nagpahayag ang mga propeta sa pagdating ng mapangligtas na pamamayani ng Diyos sa kanyang bayang Israel, sa kabila ng naranasang pagsakop ng ibat-ibang bansa. Ibinalangkas ni Jesus ang pamamayani ng Diyos sa karanasan ng mga mahihirap nang kanyang kapanahunan. Ganito rin natin hinaharap ang mga nararanasan natin sa kasalukuyan-marapat na nagtuturo ng katiyagaan; puno ng pag-asa sa pagdating ng pamamayani ng Diyos. (*Isinalin sa Tagalog ni Rev Orpha Malizon*)

Layunin:

Sa pagtatapos ng aralin, ang mga bata ay inaasahang,

1. Naipapaliwanag ang kahulugan ng katiyagaan na may pagsasalang-alang sa salita ng Diyos, sa kanyang kalooban at sa panahon;
2. Nailalarawan ang mga paraan ng pagpapakita ng katiyagaan.
3. Nakapagpapakita ng katiyagaan at
4. Nasasabi na ang Iglesya ay nagtuturo ng katiyagaan habang hinihintay ang pagdating ni Jesus.

Mga gagamitin: Biblia (MBB) worksheets, cartolina/manila paper, coloring materials, 5 uri ng mga halaman

Mga Kasanayang Pagkatuto (Learning Experiences)

A. Panimulang gawain

. Pagkakamustahan sa isa't-isa. Batiin nang may kasiyahan ang mga bata sa kanilang pagdating. Magtsek ng attendance.

2. Panimulang panalangin: “ Dakila at Makapangyarihang Diyos, kami po ay nagpapasalamat sa iyong banal na presensya ngayon., Dalangin namin na turuan mo po kami ng mga bagong aralin na nagbibigay inspirasyon sa amin para higit pang malaman ang tungkol sa iyong katangian ng paghahari. Sa pangalan ni Jesus, Ito ang aming dalangin.Amen!

3.Panimulang awit: “*The Hands of God*” (HFJ # 295)

B.Paghahanda ng aralin

Ihanda ang klase sa paglalaro. Sabihin sa mga bata na ang laro ay kailangang matapos sa loob ng limang araw . Ipaalala sa kanila na ibalita ang kanilang mga naobserbahan sa panahon ng sunod na sesyon o pag-aaral.

1. Para sa ME: *A test on flexibility. Sabihin sa klase na gawin ang mga sumusunod;*

a. Tuwing umaga, hawakan ang iyong mga paa nang dalawang kamay isang beses sa isang araaw, dalawang beses sa ikalawang araw, ikatlong beses sa ikatlong araw, apat na beses sa ikaapat na araw at limang beses sa ikalimang araw.

b. Pagkatapos gawin ito ay obserbahan o tingnan kung ano iyong mararamdaman. Sa ikalimang araw, obserbahan ang mga pagbabago sa iyong katawan. Kasama na ang pananakit at ang pagpapabago ng lakas epekto ng pag-unat ng katawan.

c. Magbubulay-bulay dito: Kapag nanalangin ka sa Panginoon, hindi sa lahat ng panahon ay makukuha mo ang mga bagay na iyong dinadalangin o hinihiling. Ang Panginoon ay nagtuturo sa atin na matutunan natin na matiyagang maghintay at maging *flexible*. Ito ay nangangailangan pa ng panahon hanggang sa maramdaman o maranasan ang pagtugon ng Diyos sa ating panalangin dahil kailangan natin na maunawaan ang salita ng Diyos, ang kanyang kalooban at ang tamang panahon

1. Para sa O.E. *Getting curious with nature’s way.* *Hikayatin ang klase na pumili sa mga sumusunod na gawain na gustong nilang gawin at hayaan sila na gumawa ng kanilang time frame. Ipaalala sa kanila na gumawa ng isang tala o rekord ng mga pagbabago sa mga bagay at dapat silang maging mausisa dito.*

a. Panonood o pagmamasid ng mga pagbabagong nangyayari sa buwan tuwing gabi.

b. Panonood o pagmamasid sa paglaki o paglago ng mga halaman

c. Panonood o pagmamasid habang ang mga sisiw ay lumalaki

d. Panonood o pagmamasid kung paano namumukadkad ang mga bulaklak,

e. Panonood o pagmamasid sa isang bagong silang na kapatid

Pagkatapos ng inyong panahon ng panonood, magbubulay-bulay dito: Ang kalikasan ay mayroon kanyang kaparaanan sa pagbabago at ang mga pagbabagong ito ay hindi minamadali. Ngunit kailangan nilang magbago . Gaya ng ating Panginoon, nais niya sa atin na maghintay sa kanyang tamang panahon dahil binigyan niya tayo ng panahon upang maunawaan ang paghihintay sa Panginoon nang may pagtitiyaga at kagalakan

C.Pagtatalakayan

1. Pumili ng limang uri ng mga halaman – dalawang araw na gulang, limang araw na gulang at sampung araw na gulang. Ipakita ito sa klase. Hayaan sila na ilarawan ang bawat halaman at ipaunawa ang mga pagbabagi ng mga ito sa laki, kulay at hugis na nangyayari . Hayaan sila na ipaliwanag kung bakit lumalago ang mga halaman at bakit nagbabago ito? Gumuhit ang mga

bata ng mga bagay na ibinigay ng Diyos sa mga halaman na siyang nagiging dahilan ng paglago ng mga ito: Katulad ng matabang lupa, malinis na hangin, tamang sikat ng araw, sapat na ulan, at mga kamay na marunong mag-alaga sa mga ito.

2. Kung ito ay maari, ay maghahanda ang mga mag-aaral ng isang lugar na kung saan maaring makapagtanim sila sa kanilang bahay. Isusulat nila ang kanilang napagmasdan o naobserbahan sa halaman.

3. Babasahin ng mga bata nang sabay-sabay ang talinghaga tungkol sa manghahasik ng binhi at ng lupa. Pangunahan ang mga bata na bigyang kahulugan ang talata.

a. Lucas 8:4-8 . Ang manghahasik ay naghasik ng binhi sa apat na uri ng lupa – mabatong lupa, sa daan, sa dawagan at sa matabang lupa.

b. Lucas 8;11-14 – Ito Ang kahulugan ng talinghaga: ang binhi ay ang salita ng Diyos. Ang mga binhing nalaglag sa tabi ng daan ay ang mga nakinig, ngunit dumating ang diyablo at inalis sa kanilang puso ang salita upang hindi sila manalig at maligtas. Ang mga nalaglag sa kabatuhan ay ang mga nakinig ng salita at tumanggap nito nang may galak ngunit hindi ito tumimo sa kanilang puso. Naniwala silang sandali, subalit sa panahon ng pagsubok ay tumiwalag agad. Ang mga nahasik naman sa dawagan ay ang mga nakinig ngunit nang malaon ay nadaig ng mga alalahanin sa buhay at ng pagkahumaling sa kayamanan at kalayawan, kaya't hindi nahinog ang kanilang mga bunga,

c. Luke 8:15: Ang mga nahasik naman sa matabang lupa'y ang mga nakinig ng salita. Iniingatan nila ito sa kanilang pusong tapat at malinis at sila'y nagtitiyaga hanggang sa mamunga. “

D. Pagpapalalim/ pagbabahaginan

Talakayin ang aralin

1. Sino sa palagay ninyo ang manghahasik na tinutukoy sa talinghaga? Pagbatayan ang Mateo 13:37 (*Ang manghahasik ay ang Panginoon na naghahasik ng binhi ng pananampalataya upang maliwanagan ang mga tao.*)

2. Saan inihalintulad ang binhi? (*Ang binhi ay ang salita ng Diyos*) . *Dahil ang Diyos ang siyang manghahasik, ay maari ba kaya masabi natin na ang binhing ito na sinasabi ay mabuti?*)

3. Bakit napakahalaga ng binhi? (*Dapat tayong maniwala sa salita ng Diyos upang maligtas. Dapat nating ihanda an gating mga puso na tanggapin ang kanyang salitang ito.*)

4. Saan naman inihalintulad ang mga uri ng lupa? At bakit ito mahalaga? (*Ang lupa ay tumutukoy sa ating mga puso. Ang kalagayan ng ating mga puso ay mayroong kakayahang mag-ingat , tumanggap at magwaksi ng salita ng Diyos. An gating mga puso na nakaugnay sa Diyos ay may katiyagaang makapaghintay sa biyaya ng Diyos.*)

5. Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng mga binhi na nalaglag sa daan na hindi lumago? (*tinuka sila ng mga ibon. May mga taong naging pabaya sa binhi at nadaig ng diyablo at ito ay yaong mga kaaway ng Diyos.*)

6. Bakit kaya sa palagay ninyo ay hindi nakatatag o nananatili ang mga halaman sa kabatuhan? (*Ang mga halaman ay hindi naging matatag para makapanatili. Gayon din Ang mga tao na kung saan ay nahihirapan na makapanatili ang pagtiwala nila sa Diyos dahil hindi nila kaya o hindi sila makatatag sa mga pagsubok sa buhay. Ang kanilang mga puso ay hindi ganoong kalalim sa pananampalataya sa Diyos. Sila ay yaong mga taong hindi matatag. Wala silang kakayanan na matugunan at makapanatili sa pamumuhay Kristiyano,*)

7. Bakit sa palagay ninyo ang mga halaman ay hindi lumago sa dawagan? (*Ang mga halaman ay ininis ng mga damo. Dahil walang tiwala sa salita ng Diyos, at sa kalooban ng Diyos at sa pagdating ng Diyos, ang mga tao ay naapektuhan ng mundong kanilang ginagalawan. Ang mga pagsubok ay naging magulo o nakapagbigay ng kahinaan sa kanilang buhay. Kaya't ang kanilang puso ay hindi naging handa sa pagsunod sa Diyos.*)

8. Bakit sa palagay ninyo ang mga binhi na nalaglag sa matabang lupa ay lumago at nagbunga? (*Sapagkat ang tinanggap nila ang salita ng Diyos sa kanilang mga puso, iniingatan nila ito at ginamit para sa paglilingkod sa kapwa. Sinunod ng mabuting puso si Jesus sa mabuting dahilan. Ang mga prutas na ibinunga ay mga produkto ng katiyagaan at pagiging masigasig sa ating buhay.*)

E. Aral Mula sa Biblia

Itanong: Bilang mga anak ng Diyos at kaanib ng Iglesia, paano natin maipapakita ang katiyagaan sa paghihintay para sa pagdating ng Panginoong Jesu-Cristo, ang anak ng Diyos? (Tayo ay matiyaga kung tayo ay nag-aaral nga salita ng Diyos, Kapag ginawa natin ang Kalooban ng Diyos at kung tayo ay nagtitiwala sa kanya at matiyagang naghihintay sa kanyang mga biyaya.

F. Pagsasabuhay

1. Magpakita ng apat na uri ng puso at tanungin ang mga bata kung anong uri ng puso ang nais nilang magkaroon. Asahan na ang pipiliin ng mga bata ay ang mabuting puso.

a. Ang matigas na puso kung saan si Satanas at ang iba pang kaguluhan ay siyang naglalayo sa mga tao sa pagunawa sa salita ng Diyos.

b. Ang mabuting puso ay may pag-aalaga sa buhay at nakakayang humarap sa mga pagsubok ay taong nananatili o mayroong pagtitiwala sa kalooban ng Diyos.

c. Ang matinik na puso ay nagpapaliwanag sa kahirapan ng buhay na siyang pumipigil sa isang tao para tanggapin ang biyaya ng Diyos.

d. Ang mabuting puso ay mayroong kahandaan na maunawaan ang salita ng Diyos, gumawa ng mga bagay na kanais-nais sa Diyos at handang maghintay nang may katiyagaan nang sa gayon ang ating kabutihang ito ay makapagdulot ng magandang katangian at magandang paglilingkod sa kapwa.

2. Para sa M.E : Hatiin ang klase sa apat na grupo. Hayaan ang mga bata na magbigay ng kani-kanilang mga reaksiyon sa mga sumusunod na sitwasyon na kung saan ay maari silang makapaghasik ng salita ng Diyos nang may katiyagaan at kung paano makakasunod sa kalooban ng Diyos.

a. Unang grupo: Ang iyong guro ay nagkamali sa pagbibigay sa iyo ng iskor sa isang pagsusulit.

b. Ikalawang grupo: Ikaw ay nagugutim ngunit ang pila sa kantina ay napakahaba.

c. Ikatlong grupo: Ang iyong tatay ay humihingi sa iyo at sa iyong kapatid na lalaki na tulungan siya na ayusin ang sasakyan ngunit sa halip na tumulong ang iyong kapatid na lalaki ay sumama sa kaniyang mga kaibigan na mglaro ng basketbol.

d. Ikaapat na grupo: ikaw ay nakikipaglaro ng Balibol sa iyong mga kaibigan ngunit ang inyong grupo ay natalo.

3. Para sa O.E. Hatiin ang klase sa apat na grupo., Sabihin sa mga bata na sa pamamagitan ng kanilang mabuting puso aymagiisip sila ng mga sitwasyon sa mga sumusunod na mga lugar kung saan may katiyagaan silang makapaghasik ng salita ng Diyos.

a. Unang grupo: Sa bahay

b. Ikalawang grupo : Sa paaralan

c. Ikatlong grupo: Sa simbahan

d. Ikaapat na grupo : Sa palaruan

Pagkatapos ng gawain, ay hikayatin ang bawat grupo o pangkat na ipakita ang kanilang ginawa sa malikhaing pamamaraan.

G. Pangwakas na gawain

1. Talatang sasauluhin: ²⁶ *Kaya't pinakamainam ang buong tiyagang umasa sa ating kaligtasang si Yahweh ang may dala. Panaghoy 3:26*

2. Paghahandog

3. Pangwakas na awit:

“ Walking with Jesus”

Walking with Jesus, walking every day, walking all the way.

Walking with Jesus, walking with Jesus alone.

(*Note:* Palitan ang pangungusap na walking with Jesus ng walking with the sunshine and walking in the shadow .)

4. Pangwakas na panalangin: Mahabagin at mapagmahal na Diyos, salamat pos a iyong pagtuturo sa amin tungkol sa kahalagahan ng pagtitiyaga. Nawa po ay tulungan mo po kami na

matutunan naming mabuti ang maghintay nang may katiyagaan. Sa pangalan ni Jesus ito ang aming dalangin.Amen!